



(english edition: www.verbuhaymagasin.com)
ERBUHAY

GABAY SA BIBLE SHARING

IKA-18 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON (B) • AGOSTO 5, 2018

Binusog ng Panginoong Hesus



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Ex 16:2-4, 12-15)

²NOONG mga araw na iyon, ang mga Israelita’y nagreklamo kina Moises at Aaron. ³Sinabi nila, “Mabuti pa sana’y pinatay na kami ng Panginoon sa Egipto. Doon, nakakakain kami ng **karne** at **tinapay** hanggang gusto namin. Dito naman sa ilang na pinagdalanhan ninyo sa amin, mamamatay kami sa gutom.” ⁴Sinabi ng Panginoon kay Moises, “Pauulanan ko kayo ng **tinapay** mula sa langit. Araw-araw, palalabasin mo ng bahay ang mga tao para mamulot ng **kakanin** nila sa maghapon. Sa pamamagitan nito’y susubukin ko kung hanggang saan nila susundin ang aking mga

tagubilin. ¹²Narinig ko ang reklamo ng mga Israelita. Sabihin mo sa kanila na pagtatakip-silim, bibigyan ko sila ng **karne**. Sa umaga, bibigyan ko sila ng **tinapay** hanggang gusto nila. Sa gayo’y malalaman nilang ako ang Panginoon, ang kanilang Diyos.”

¹³Nang magtatakip-silim, dumagsa sa kampo ang napakaraming **pugo**. Kinaumagahan naman ay makapal na makapal ang hamog sa paligid ng kampo. ¹⁴Nang mapawi ang hamog, nakita nilang ang lupa’y nalalagan ng maliliit at maninipis na mga bagay na animo’y pinipig. ¹⁵Hindi nila alam kung ano iyon, kaya nagtanungan sila, “Ano kaya ito?”

Sinabi ni Moises, “Iyan ang **tinapay** na bigay sa inyo ng Panginoon.”

Tema: **Ang Pagkain sa Araw-araw (Tinapay at Karne)**

PAGNINILAY

Ang nagbibigay sa atin ng pag-asa sa gitna ng kasamaan, ay ang katotohanan na hindi ninais ng Diyos na mapunta tayo sa masasama. Nais niyang wakasan ang kasamaan.

SALMONG TUGUNAN (Slm 77) PANGINOON ANG NAGBIGAY NG PAGKAING BUMUBUHAY.

IKALAWANG PAGBASA (Ef 4:17, 20-24)

MGA KAPATID, ⁷sa ngalan ng Panginoon, ito ang sinasabi ko’t iginigiit: huwag na kayong mamuhay na gaya ng mga Hentil. Walang kabuluhan ang kanilang iniisip. ²⁰Hindi ganyan ang natutunan ninyo kay Kristo—²¹kung talagang pinakinggan ninyo ang aral niya at naturuan kayo ng katotohanang kay Hesus. ²²Iwan na ninyo ang dating pamumuhay. Hubarin na ninyo ang dating pagkatao, na napapahamak dahil sa masasamang pita. ²³**Magbago na kayo** ng diwa at pag-iisip; at ang ²⁴dapat makita sa inyo’y ang **bagong pagkatao** na nilikhang kalarawan ng Diyos, kalarawan ng kanyang katuwiran at kabanalan.

Tema: **Ang Pagbabago ng Sarili**

PAGNINILAY

Ang pagkakaroon ng bagong anyo ayon sa aksyon ng Diyos ay nagpapakita na ang pagliligtas na nakamit natin sa pamamagitan kay Kristo ay sa Diyos lamang nagmumula. Kaya ingatan natin ito at sisikapin na karapatdapat tayo nito.

MABUTING BALITA (Jn 6:24-35)

²⁴NOONG panahong iyon, nang makita ng mga tao na wala na si Hesus, ni ang kanyang mga alagad, sa lugar na kinainan ni Hesus ng tinapay, sila’y sumakay sa mga bangka at pumunta rin sa Capernaum upang hanapin si Hesus.

²⁵Nakita nila si Hesus sa ibayo ng lawa, at kanilang tinanong, “Rabi, kailan pa kayo rito?” ²⁶Sumagot si Hesus, “Sinasabi ko sa inyo: hinahanap ninyo ako, hindi dahil sa mga **kababalaghang** nakita ninyo, kundi dahil sa nakakain kayo ng **tinapay** at nabusog. ²⁷Gumawa kayo, hindi upang magkaroon ng mga pagkaing nasisira, kundi upang magkaroon ng **pagkaing** hindi nasisira at nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Ibibigay ito sa inyo ng Anak ng Tao, sapagkat siya ang binigyan ng kapangyarihan ng Diyos Ama.” ²⁸Kaya’t siya’y tinanong nila, “Ano po ang dapat naming gawin upang aming maganap ang kalooban ng Diyos?” ²⁹“Ito ang ipinagagawa sa inyo ng Diyos: manalig kayo sa sinugo niya,” tugon ni Hesus. ³⁰“Ano pong **kababalaghan** ang maipakikita ninyo upang manalig kami sa inyo? Ano po ang gagawin ninyo?” tanong nila. ³¹“Ang aming mga magulang ay kumain ng **manna** sa ilang, ayon sa nasusulat, ‘Sila’y binig-yan niya ng pagkaing mula sa langit,’” dugtong pa nila. ³²Sumagot si Hesus, “Dapat ninyong malamang hindi si Moises ang nagbibigay sa inyo ng **pagkaing** mula sa langit, kundi ang aking Ama. Siya ang nagbibigay sa inyo ng tunay na **pagkaing** mula sa langit. ³³Sapagkat ang **pagkaing** bigay ng Diyos ay yaong bumaba mula sa langit at nagbibigay-buhay sa sanlibutan.” ³⁴“Ginoo,” wika nila, “bigyan po ninyo kaming lagi ng **pagkaing** iyon.” ³⁵“Ako ang **pagkaing nagbibigay-buhay**,” sabi ni Hesus. “Ang lumalapat sa akin

ay hindi na magugutom, at ang nananalig sa akin ay hindi na mauuhaw kailanman.”

Tema: **Si Hesus ang Simbolo ng Tinapay ng Buhay**

PAGNINILAY

Talagang binanggit ni Juan ang manna na kinain ng mga Israelita sa ilang upang bigyan nang diin ang walang hangganang kabutihan ng Diyos— nagkakalob ng tinapay mula sa langit. At ngayon ay may Tinapay na nagmula sa langit at nakipamuhay kasama natin. At ipinapangako ni Hesus na hindi na muling magugutom sila.

II. PAG-UUGNAY

Araw-araw, pinapadala ni YHWH ang tinapay at karne sa mga Israelita doon sa ilang; samantalang doon sa Ehipto, kailangan nila ito pagtatrabahuan. (Unang Pagbasa).

Sa Ebanghelyo naman masisilayan si Hesus na nagdulot ng kabusugan hindi lamang sa panahon ng kainan na minsan ay lumilipas, kundi ipinangako din ang Salita at Tinapay na nagbibigay ng buhay na walang hanggan.



Kaya hinahamon tayo ng Ikalawang Pagbasa na kung ating napagtanto na iniligat na tayo ni Hesukristo, at may nilaan sa atin sa kaharian ng Diyos, ipagpatuloy ang pamumuhay na makatuwiran at puno ng kabanalan sa pamamagitan ng pagiging tinapay para sa iba.


III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ngayon na Linggo ni San Juan Maria Vianney, nawa’y ang mga seminarista ay tumugon sa hamon ng kanilang tawag.

-Pagpapaliwanag ni Br. Hansel Mapayo, SSP
(*Pangwakas na Panalangin*)





MGA LIBRO NI MICHAEL GAITLEY, MIC





**MGA LIBRO NI MICHAEL GAITLEY, MIC
PHILIPPINE EDITION**

Mga Bagong Libro ng ST PAULS...



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maaari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.

Luwalhati...

(mula sa Prayers of the Pauline Family)